

Panahon ng Pagre-renew para sa mga May-ari ng mga Polisiya sa Seguro sa Baha sa Florida na Naapektuhan ng mga Hurricane na Helene at Milton ay Papapalapit Na

Release Date: Nobyembre 27, 2024

TALLAHASSEE, Florida. — Dahil sa matinding pinsala at makasaysayang pagbaha sa Florida na dulot ng mga Hurricane na Helene at Milton, pinalawak ng FEMA ang deadline ng pag-renew ng polisiya para sa ilang mga National Flood Insurance Program (NFIP) para sa mga may-ari upang maiwasan ang pagkawala ng coverage sa baha ng NFIP.

Ang mga may-ari ng polisiya na ito ay may hanggang Disyembre 10, 2024, upang i-renew ang kanilang mga polisiya. Ito ay isang makabuluhang ekstensyon mula sa karaniwang 30-araw na palugit ng pagre-renew.

Kung natapos ang termino ng polisiya sa:	Matatapos ang panahon ng palugit:	Ngunit bukas ngayon hanggang sa:
Agosto 28, 2024	Septiyembre 26, 2024	Disyembre 10, 2024
Septiyembre 26, 2024	Oktubre 25, 2024	Disyembre 10, 2024
Oktubre 15, 2024	Nobyembre 13, 2024	Disyembre 10, 2024
Nobyembre 1, 2024	Nobyembre 30, 2024	Disyembre 10, 2024
Nobyembre 15, 2024	Disyembre 14, 2024	Disyembre 14, 2024

Kung hindi pa nila ito nagawa, dapat tiyaking tanungin ng mga may-ari ng mga polisiya ang kanilang ahente ng seguro o kumpanya tungkol sa mga pagbabayad



FEMA

Page 1 of 4

sa mga paunang claim upang makatulong na simulan ang kanilang pagbawi. Maaaring magagamit ang mga paunang bayad na hanggang \$20,000 bago ang pagbisita mula sa isang adjuster.

Ang palugit para sa mga may-ari ng polisiya na apektado nina Helene at Milton sa Florida ay pinalawak batay sa iskedyul sa ibaba.

Ang mga may-ari ng polisiya na ang petsa ng pag-renew ng polisiya ng NFIP ay nasa saklaw na ito ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang ahente o kumpanya ng seguro.

Halimbawa, kung ang orihinal na petsa ng pagtatapos ng polisiya ay Agosto 28, 2024, maaaring ma-renew ang polisiya sa o bago ang Disyembre 10, 2024. Ang mga may-ari ng mga aktibong polisiya ay maaaring mag-file ng mga claim para sa pinsala na natanggap mula sa mga Hurricane Helene o Milton kung binabayaran ang premium.

Iba pang Mga Aksyon upang Matulungan ang Mga May-ari ng Polisiya

Pinalawak ng NFIP ang kinakailangan sa patunay ng pagkawala para sa mga may-ari ng polisiya na nakaranas ng pinsala sa baha mula sa mga Hurricane Helene at Milton mula sa karaniwang 60 araw hanggang 120 araw mula sa petsa ng pagkawala.

Pinahintulutan din ng NFIP ang [Write Your Own na programa nito](#). Mga kasosyo na kumpanya ng seguro at ang NFIP Direct ay nagbabayad ng mga claim batay sa ulat ng adjuster nang hindi humihiling sa mga may-ari ng polisiya na pumirma ng patunay ng pagkawala. Kapag humihiling ng karagdagang pagbabayad ang isang mag-ari ng polisiya para sa anumang kadahilanan o hindi sumasang-ayon sa ulat ng adjuster, maaari pa rin silang magsumite ng isang nilagdaang patunay ng pagkawala sa tagaseguro kasama ang suportang dokumentasyon. Maaaring kabilang dito ang pagtatantya ng isang kontratista, mga bayarin, resibo, litrato at iba pang mga kaugnay na dokumento.

Ang sinumang apektado ng Helene o Milton na may polisiya sa seguro sa baha ng NFIP at nakaranas ng pinsala sa baha ay dapat mag-file ng kanilang claim ngayon. Ang mga lumikas na may-ari ng mga polisiya ay maaari pa ring simulan ang kanilang claim at magbigay ng mga detalye sa ibang pagkakataon kapag



FEMA

Page 2 of 4

sinabi ng mga lokal na opisyal na ligtas na bumalik sa bahay.

Ang mga may-ari ng polisiya na nais samantalain ang palugit ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang ahente o kumpanya ng seguro. Ang mga walang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng kanilang ahente ng seguro o kumpanya ay dapat tumawag sa 877-336-2627 para sa tulong.

Hinihikayat din ng FEMA ang mga may-ari ng polisiya ng NFIP na apektado ng [Helene](#) o [Milton](#) na mag-apply para sa pederal na tulong sa sakuna. [Ang tatlong mga paraan upang mag-apply ay ang pagbisita sa \[disasterassistance.gov\]\(https://www.fema.gov/disaster/assistance\), tumawag sa 800-621-3362 o paggamit ng FEMA App.](#) Ang mga nakaligtas ay maaaring makatanggap ng pondo upang makatulong sa mga mahahalagang bagay tulad ng pagkain, tubig, baby formula at iba pang mga emergency supply. Maaari ring magamit ang mga pondo upang ayusin ang pinsala na nauugnay sa bagyo sa mga tahanan at personal na ari-arian, pati na rin ang tulong upang makahanap ng pansamantalang lugar upang matirahan.

Upang matuto nang higit pa tungkol sa kung paano mag-file ng claim sa seguro sa baha [bisitahin ang \[floodsmart.gov\]\(https://www.floodsmart.gov\).](#)

###

Ang misyon ng FEMA ay ang pagtulong sa mga tao bago, habang at pagkatapos ng mga sakuna.

Nakatuon ang FEMA na tiyakin ang tulong sa sakuna ay natutupad nang pantay, nang walang diskriminasyon

sa batayan ng lahi, kulay, nasyonalidad, kasarian, oryentasyong sekswal, relihiyon, edad, kapansanan, kasanayan sa Ingles, o katayuan sa ekonomiya. Ang sinumang nakaligtas sa sakuna o miyembro ng publiko ay maaaring makipag-ugnayan sa Opisina ng Karapatang Sibil ng FEMA kung nararamdaman nila na mayroon silang reklamo ng diskriminasyon. Ang Opisina ng Karapatang Sibil ng FEMA

ay maaaring kontakin sa FEMA-OCR@fema.dhs.gov o toll free sa 833-285-7448.



FEMA

Page 3 of 4



FEMA